

TUHOGTUHOG NA BULAKLAK

Kilos at Panahon...!!

(Alay sa kabinatuaan nang aking Lahi.)

Mĕa kabinatà: háyo't manġagbanġon
sa pagkakahigá't mġa pagkágumon
sa datihang gawí:
talastasin ninyóng iba sa kabapon
ang ugali nġayó't, lákad nġ panahon:
Pahirin ang mata't nang hindi magdilín
sa lahát nġ bagay ang inyóng paningġin;
tayo'y lumákad na,
huwag nang magulik, at sabayán natin
ang gintóng panahón na nagtutumulin.
Tayo'y inakay nġ ating kasama
na nagpapasasá sa dugó nġ Iná,
sa landás na matwid,
kayá lákad tayo't piling mákita
yaong "kabihasnáng" tanġing panandata.
Mayayamang isip ay huwag itigil
sa di karampatan, at alalahanin
ang dagtá nġ "sising"
mapaít na lason sa ating panimdím
na kung magpabaya'y pilit lalagukin.

Sandaling panahong ating ilinákad
marami nang bagay tayong napagnalás;
sa kapwá na lamang
at dí na sa damit, salitá, pag gayák
ó iba't iba pa na madadalumat.
Si Rizal ay isa na dapat tularan
nġ tanang kadugó niya't kababayan,
Mabini'y gayon din,
Caldero't iba pang dí na nabubúhay,
na pawang umibig sa lupang linakhán.
Magugulang nati'y pagbukdubukuri't
sa sarili ninyo'y mabuting kilanlín,
pagka't kung ang iba'y
may budhing malinis, iba nama'y Kaing
apatay sa Inang minamahal natin.
Lahat nġ mabuti'y kunaug halimbawá
gunitaing lagi't pilit isagawá.
Lahát nġ masamá'y
pakailaga't gamitan nġ sumpáng:
"Mamatay na ako bago ko magawá."

R. A. SANTOS.

Tagiig, Rizal, 1909.

¿Sino si Luálhati?

(KAY MIL-JAV.)

Si Luálhati'y isáng bulaklák nġ Taytay
na ang pamumúkad ay bago pa lamang,
kakikita niyáng mġa nauuhaw
sa katás at bangóng
mġa paró-paró;
at isáng bulaklák na nápakayaman
sa tamís nġ nġiting mistulang pangpukaw
sa mġa bubúyog na agam-agam.

II

Isáng bagong talà sa bugháw na lanġit
na páralumanin nġ mġa ninibig,
at mabisáng gamót sa alin mang hapis
at pagdaralitáng
laging linilikhá
sa pusò nġ mġa pagsuyóng malinis.
Bagong talà iyáng ang itapong titig
ay isáng "halika" mandín ang kalakip.

III

Isáng bagong anak ni magandáng Benus
na nġayón pa lamang nakapagsasabog
nġ isáng paglingġap sa tapát umirog.
Isáng bagong dilág
na sa pagkawagás
ay dí maaaring hindi ka lumuhog;
dilág na panggising sa nanġatutulong
na mġa dandaming pilika't maramot.

IV

Isáng bagong kawal nġ kadalagahang
siyáng mapipiling maging paralaman
nġ mġa adhikáng lalong maseselan.
Siyáng mímimithing
panglunas pighatí
nġ mġa pagsuyóng sa pananambita'y
saíd ná saíd ná. Siyáng karilagang
magbibigáy siglá sa budhing matumal.

V

Isáng bagong diwá't isáng bagong pusòng
maihahandóg ná sa isáng pagsuyóng
laging lumuluhá, laging sumasamó't
mailulunás ná
sa isáng pagsintáng
wagás at taimtim sa pamimintuhò....
At pusòng murá ma'y marunong umalò,
bihasáng maglambing at umamò-amò.

VI

Gandá, bangó, ningning na dí napapawí't
samyóng halimuyak ang alay na lagi.
Dikit na ang iba ay nananaghilít
iginagalang dí
nġ kapuwá ningning.
Bituing ang sikat ay kalimlimít
mistulang pangbúhay sa nalulugaming
ulilang makatá.....: Iyán si Luálhati!

PERR-PUso.

Bulakán, 1909.

"Tuhog nang bulaklak"

(Handog sa KALIPUNAN sa RIZAL.)

"Tuhog nang bulaklak" ang nakakabagay,
Tagumpáy na ganáp kung aking mamasdan.
Ang kilos at lakad ay nalalarawang
Sila'y pawang anak nġ Kabayanihan
Nang bayang may puri, may lunong at dangál,
Marunong mangusap, at dí tatalikdán
Ang kanilang sumpá kahit ikamatáy.
Sila ang palaging humahawí noong
Landás na matiník sa ikasusulong

Sa dakilang nasa at banál na layon
 Ng bayang dakila't bayang mapag-ampón
 Sa mġa dayuhang inaaring poon
 Dito sa lupà ko't kabít ang lingatong
 Siyang ipapasán, ngítí rin ang tugón.

Masaráp magmahal, matamís unírog,
 Wagás ang pagasa at tapat na loob;
 Sa pakikisama'y marunong sumunól,
 Hindi na talina sa bawa't iutos
 At nakagagawá ng hindi baluktót;
 Pag na sa matuwid hindi natatakot
 Ni di nanġingimi sa kjllát má't kulóg.

Ganyán ang marapat upang mailimpí
 Ang írog na bayang may mahal na urí;
 Katwira'y katwiran, huwag ipanġiming
 Sabihí't bigkasín sa sinomang hari,
 At iyán ang iyóng pinakamimithíng
 Laya't Kasariulan nitóng ating Labí;
 Kaya loh bulaklak! háyo't magmadali.

Lákad mo'y tulinan, at samantalahin
 Ang lamíg ng araw sa bayan mong giliw;
 Ang mġa kapatid sa pagkakahimbíng
 Ay ibangon mo na at sila'y pukawin,
 Haás ang noo, bisig ay unatin,
 Ituró ang landás at iyóng sabihing:
 Araw ay sikat na, tayo ay gumising.

Sulong, oh bulaklak ng írog kong Bayan,
 Mabining dalaga't anak Silanġanan,
 Tubong Tagailog nang bayan ni Rizal,
 Kayó ang pagasa at maaasahan
 Nang Lahí't Lupa ko sa kaumagahan.
 Hayo't magmadali ng ating makamtan
 Ang pagsasarili nati't Katubusan.

Págod ay iwaksi't tayo'y tumalagá,
 Dagsá man ng unós sa pakikibaka
 Ay ating suonġit diya'y pakikita
 Ang masayang ngítí ng ating ligaya't
 Maráring yaóng tańging pinipitang
 Taluktók ng láyo't banal na pag-asang
 Pinamuhunanang ng maraming dusa.

Pawis ay bayáang sa ati'y tumuló
 At alintanahin ang anomang hapó,
 Ipain ma'y búhay, maghubó ng dugó,
 Sa pag-gawa lamang ng ikawawastó
 Nitóng bayan natin. At huwag pahibó
 Sa madayáng ngítí niyóng si Palaló.

Laging puhunani'y pawang kasipagan,
 "Tuhog ng bulaklak" nitóng aking bayan;
 Kayá ang hirap mo, ay iyóng bayáat
 Libo mang ginhawa'y pílit makákamtan;
 Puhunang dakila, maidulot lamang
 Sa lupang sarili yaong Katubusan.

At iyan, "bulaklak", ang dapat nasain
 Ng mġa inanak ng bayan kong-giliw;
 At iyan din naman ng upang marating
 Ang dakilang araw nitóng lupà nating
 Walang panginoon, walá nang alipin,
 Walang mangagagá ni budhing masakim
 At ang naghahari'y fisang damdamin.

S. R. SAN.

Malabon, Rizal.

Lambing lamang

Ako'y nagtataká; di ko maalama't
 ang kagalitan mo ay gayón na lamang .
 Poot ka sa akin? anóng kasalanan
 ang aking nagawá; búhay niring búhay,
 anong lisyáng kilos, salitá ó asal
 ang kikilaulín ko na ipinagkulang? . . .

Bihag ng Pagsinta'y hinanap kong tikís
 sa iyong kandunġan ang alfw ng diblíb,
 aking pinanġarap sa maamóng halik
 ng Paraluman ko ang hiwagang tamís
 ng pagsuyóng wagás . . . Akó ba'y nálihís
 sa gayong adhiká? Oh palad kong amís!

Ang tapát na dańg ng aking pagsuyó,
 ang lalóng mapanglaw na hibik ng pusó,
 ang lubháng mataós na luhog ko't samó
 sa iyong pakinyig ay pawang tumindó;
 nguni't ang gautí mong minagandang laló
 ang lahát ng iyon ay aring biró! . . .

Ang pagmamahál mong walang kasingtúlad
 na ipinatanaw ng iyong paglinġap,
 ang mġa taguring: *hindi maglulubag*
magpakaylan pa man ang siatung inġagat;
 unti-unti manding pawang lumilipas,
 binabawi mo na't ayaw ipahayag.

Di pa yatá lubós ang mġa pag-abá,
 ngayo'y galít ka pa't ayaw magsalitá;
 waring sa budhí mo ako'y sinusumpá't
 di ibig mámalas gílid man ng mukhá...
 Akó bagá naman ay nápakasamá
 upang palasapín ng ganyáng pagkutyá?

Ako'y nanġanġarap... Hindi naman gayón
 ang mutyá kong írog... iako'y nauulól!
 Ang mġa laká ko'y walá kundi sulsól
 ng pagmamahál ding hindi masasahól,
 magpakaylan pa man; walá kundi bulóng
 ng pagsintáng wagas nating pinagbuhól.

Nagagalit pa ba ang aking bituin?
 Kinikilala kong isang paglalambóng
 lamang ang gawá mo; ako ma'y gayon din!
 lambíng mo't lambíng ko'y nagkátagpó mandín
 at ang ibinunġa'y tampúhang ninilí
 sa dalawang pusóng kapwá naninimdim.

Súkat na ang ganyán. Tampó mo'y iwalay
 at tayong dalawa'y laging magmahalan;
 halina't humilig sa aking kandunġa't
 sa mġa pisuġí mo'y tambing papahiran
 ng mġa labí ko ang luháng iniwan
 ng mġa himutok, dusa't kalumbayan.

Pawí na, buhay ko, ang samá ng loob.
 aking hinihiling ng boong paglúhog:
 aking isasabit sa diblíb mo, írog,
 ang mġa awit kong pinagtuhogtúhog
 sa mġa sandalíng nalipós ng lúnos
 ang kaluluwá kong sa pagsinta'y dúmog.

Mapunġay na tinġin ang nais kong tugón,
 saka mġa ngítí... Ngítí ná... ganoón,
 hale ná. ngítí pa't aking ibubulóng
 naman sa pisuġí mo ang di náuruól
 na iyong pag-ibig... Iyong iyo ngayo't
 hangang sa libíngan ang kasi mong...

TINÓY